OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 981-8500 local 8600, 8601; (632) 928-2947
Email: ovcca.updiliman@up.edu.ph Website: *ovcca.upd.edu.ph*

Received: OVCAA
BY:
DATE: 01 OCT 2019
NO:

Ika – 26 ng Setyembre 2019

Memorandum Blg. JECL – 19 – 49

Para Sa : Buong Komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Paksa : ***UP College Admission Test* (UPCAT) 2019**

Gaganapin sa ika-5 at 6 ng Oktubre 2019, Sabado at Linggo, ang taunang UP College Admission Test (UPCAT). Magsisilbing *testing center* ang mga *Academic Buildings* ng UP Diliman kung saan aabutin ng 11,000 mag-aaral kada sesyon bawat araw ang kukuha ng pagsusulit. Inaasahan ang pagbigat ng daloy ng trapiko sa kampus at mga karatig lugar mula ika-5:00 ng umaga hanggang ika-6:00 ng hapon. Narito ang mga paghahanda para sa maayos na pagsasagawa ng UPCAT:

1. Pansamantalang isususpinde ang patakarang *"No UP Sticker/ UP ID, No Entry"* sa mga lagusan ng Unibersidad;

2. Tatanggalin ang *steel barrier* na nasa harap ng Oblation Plaza sa Quezon Hall. Mananatiling *one-way* sa trapiko ang Academic Oval at ang mga kalyeng karugtong nito: TM Kalaw, Quirino, Roxas Ave, at Osmeña Ave. Mananatili ding *two-way* sa trapiko ang mga sumusunod na kalye: Velasquez St., Regidor St., Roces Ave., at Magsaysay Ave;

3. Isasara sa *joggers* at *bikers* ang *joggers/bikers lane* sa Academic Oval at ipagagamit muna ito sa mga pribadong sasakyang de-motor. Ang ruta ng mga PUJ ay hindi magbabago;

4. Pansamantalang isususpinde ang patakarang *Carless Academic Oval* sa Linggo, ika-6 ng Oktubre 2019;

5. Mahigpit na ipapatupad ang patakarang *"No Parking/ No Waiting"* sa kabuuan ng Academic Oval, Magsaysay, Regidor at Quirino Avenues;

6. Bubuksan ang lagusan malapit sa National College of Public Administration and Governance (NCPAG) at Commission on Human Rights sa mga sasakyang patungong Commonwealth Avenue;

7. Ipagbabawal ang pagpasok ng mga sasakyan sa School of Labor and Industrial Relations (SOLAIR) at NCPAG *parking lots*;

8. Ang kalye sa pagitan ng College of Science at Marine Science Institute (MSI) ay magiging one-way sa trapiko papasok sa Math Building, patungo sa Velasquez St. via CP Garcia. Ang mga sasakyan na nasa *Science Complex* ay maaaring lumabas sa lagusan ng Schuster, Math Building at Quirino Avenue.

Para sa inyong reperensiya at kaalaman. Maraming salamat.

JOSE ERNIE C. LOPE
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad